Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION IV-A CALABARZON
**SCHOOLS DIVISION OF BATANGAS**

Patalastas Blg. 040, s. 2026
Marso 2, 2026
Alinsunod sa DepEd Order (DO) Blg. 8, s. 2013,
ang patalastas na ito ay inilabas hindi upang mag-endorso batay
sa DO Blg. 28, s. 2001, kundi upang magpabatid ng impormasyon sa mga kawani
ng Kagawaran ng Edukasyon at gayundin sa kinauukulang publiko.
(Bisitahin ang www.deped.batangas.com)

**PUNLAAN 2026**

Ipinababatid sa mga kinauukulan ang Unibersidad ng Pilipinas Los Baños ay magsasagawa ng PUNLAAN 2026. Ito ay isang pambansang patimpalak at pagtitipon ng mga mamamahayag pang-kampus na gaganapin sa Marso 21-22, 2026.

Layunin ng aktibidad na magsilbing lunan ng ugnayan, pagkatuto, at koletibong pagsusuri hinggil sa kalagayan ng pamamahayag sa gitna ng krisis panlipunan.

Para sa buong detalye, basahin ang kalakip na imbistayon para rito.

LVI/2025 National Schools Press Conference Results/S2-113751/3/2/2026

Address: Provincial Sports Complex, Bolbok, 4200 Batangas City
(043)722-1840 / 722-1796 / 722-1437 / 722-2675 / 722-1662
deped.batangas@deped.gov.ph
www.depedbatangas.com

perspective.uplb@up.edu.ph
@uplbperspective

S2-113751
OSDS-main
1/26/26

**Isang mainit na pagbati!**

Ang **UPLB Perspective** ay ang opisyal na pahayagan ng mga mag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Itinayo noong 1973, ang UPLB Perspective ang kauna-unahang pahayagan para sa sangkaestudyantehan sa Pilipinas sa panahon ng Batas Militar. Sa loob ng mahigit limang dekada, patuloy na naglilingkod ang UPLB Perspective bilang alternatibong pahayagan ng mga komunidad sa loob at labas ng pamantasan.

Kasalukuyan naming inihahanda ang **PUNLAAN 2026**, isang pambansang patimpalak at pagtitipon ng mga mamamahayag pang-kampus na gaganapin sa **Marso 21–22, 2026**. Layunin ng aktibidad na magsilbing lunan ng ugnayan, pagkatuto, at kolektibong pagsusuri hinggil sa kalagayan ng pamamahayag sa gitna ng mga krisis panlipunan.

Kaugnay nito, magalang kaming sumusulat upang humiling ng inyong endorsement para sa gaganaping **PUNLAAN 2026**. Kami rin ay humihiling ng inyong pahintulot na **iparating ng inyong tanggapan ang aming paanyaya at abiso sa mga paaralan na nasa ilalim ng inyong pamamahala** upang mabigyan sila ng pagkakataong makilahok sa nasabing kaganapan.

Kalakip ng sulat na ito ang pormal na sulat, Primer at ang Mechanics and Guidelines ng PUNLAAN 2026 upang magbigay ng komprehensibo at malinaw na impormasyon.

Para sa mga katanungang nangangailangan ng kagyat na tugon, maaaring makipag-ugnayan kay John Reno Padilla, **Registration Head** ng PUNLAAN 2026, sa **0929-870-3933 o** jrpadilla1@up.edu.ph.

Magsulat. Maglingkod. Magpalaya.

Lubos na gumagalang,

**John Reno Padilla**
**PUNLAAN 2026**
**Registration Department Head**

Punlaan

perspective.uplb@up.edu.ph
@uplbperspective

Carl Mhel Tabora
**PUNLAAN 2026**
**Overall Head**

Weather Alfonso
**PUNLAAN 2026**
**Overall Head**

Yasmin Vera Criste
**UPLB Perspective**
**Editor-in-Chief**